

# KIAN Kumusta Kawasaki

## KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION NEWS

*Inilathala sa wikang: Ingles, Intsik, Koryano, Espanyol, Portugal, Tagalog at Madaling Nihonggo*

Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>).

**Summer na! Tayo' y magsaya!!**



## Seseragi Lantern Floating (Nakahara-ku)

[Kailan] Ika 15 ng Agosto , 2010 (Linggo) Mga alas 6 ng gabi

[Saan] Sa may AZUMAYA (bower) sa Egawa Seseragi Stroll Road (sa ibaba ng Koseki Bridge)

[Paano pumunta] JR Nambu Line Musashi Shinjo station , 5min walk mula sa South gate

[Ibento] Hand-made painting floating lantern para sa mga mag-in'a/mag-ama.(kailangang magpareserba)

[Katanugan] Mori to Seseragi network 044-766-5315

Tamagawa Hanabi(fireworks)Exhibition (Takatsu-ku)

【Kailan】 Ika 21 ng Agosto, 2010 (Sabado) (Maaaring ipagpalibutan sa Ika 22 Linggo kapag masama ang panahon)  
Mula 18:30 hanggang 20:00

**[Saan] Takatsu-ku Suwa, Kawasaki city / Tamagawa Riverbank**

(River bank sa pagitan ng Daisan keihin road at Route 246 "Futago Bashi")

[Paano pumunta] 8 minutong lakad mula sa Futako Shinchi Sta., Tokyu Den-en-toshi Line

15 minutong lakad mula sa Takatsu Sta., Tokyu Den-en-toshi Line

20 minutong lakad mula sa Mizonokuchi Sta., JR Nambu Line.

\*Walang parking area para sa mga kotse. Gumamit ng sasakyang pampubliko.

[Katanungan] Kawasaki Economic and Labor Affairs Bureau, Commerce and Tourism Division

(Kawasaki Keizai Roudou Kyoku, Shogyo Kankou Ka) Telefono: 044-200-2329 FAX: 044-200-3920



♪♪ Kawili-wiling Musikang Pandaigdig "Enchanted Music Journey" Biyahe sa Asya ♪♪

- Unang pagtatanghal **Musika sa Indonesia Wayan kulit (kapilyo)** ■ Ika 5 ng Septyembre (Linggo)
  - Ikalawang pagtatanghal **Batouqin at khoomei sa Mongolia** ■ Ika 23 ng Septyembre (Huwebes,holiday)
  - Ikatlong pagtatanghal **Pagtugtog ng katutubong instrumento sa Taylandiya** ■Ika 30 ng Oktubre(Sabado)
    - 《 Kailan 》 Sep. 5 (Linggo), Sep. 23 (Huwebes. holiday) , Oct. 30(Sabado) 14:00~15:30
    - 《 Saan 》 Kawasaki International Center , Hall
    - 《 Bayad 》 ¥1,500/Isang pagtatanghal(¥4,000 /kung bibili ng tiket para sa buong tatlong pagtatanghal )
    - 《 Kapasidad 》 230 katao (first come, first served basis)
  - 《 Paano magbayad》 Mag-apply muna sa telepono, Fax , o E-mail tapos magbayad sa International Center , o postal money transfer

## Pambansang Senso 2010



Sa unang araw ng Oktubre 2010 isasagawa ang pambansang senso.

Itong limang-taunang pambansang senso ay isinasagawa sa lahat ng tao/pamilya na kasalukuyang naninirahan dito sa loob ng bansang Hapon. Kahit anumang nasyonalidad, lahat ng mamamayan sa Hapon ay kabilang sa sasagot ng katanungan sa survey/senso. (Samantala, hindi kasali ang mga foreign consular/diplomatic/military officials.)



**2010 国勢調査** Ang mga nasuring bagay ay gagamitin lamang sa paggawa/analisis ng istatistika. Ipamimigay at kukulektahan ng mga kawani ng pambansang sensus ang mga katanugan sa bawa't pamilya mula ika 23 ng Septyembre hanggang ika 7 ng Oktubre. Maaaring ipadala ang nasagot na katanugan sa pamamagitan ng koreo. Lubos na inaasahan ang inyong kooperasyon.

## Multilingual Medical Information(Tagengo Iryou Jouhou )

Sa Homepage ng Kawasaki City, naroon ang isang contents na 'Kawasaki no Oisha san (Mga Doctor sa Kawasaki)'. May Japanese at English version kung saan makakapaghanap ng pagamutan o ospital , hindi lang sa distrito , kategoriya , at talaorasan(timetable) , kundi pati sa wika na pwedeng gamitin sa pagpapa-check-up. May posibilidad na ang doktor na marunong sa wikang bukod sa hapon, ay nalipat na sa ibang pagamutan kung kaya't tumawag muna sa ospital bago pumunta

At mayroon din ang Multilingual Medical Questionnaire sa internet site. Ito ang para sa dayuhan na hindi marunong maghapon upang maipaliwanag ang sintomas ng kanilang sakit sa doctor. Sa pamamagitan nito , maipaliwanag ang sintomas sa mga doctor na hindi nakakaintindi ng wika ng ibang bansa , dahil mayroon ding nakasulat na wikang Hapon sa tabi. Naroon ang mahigit 15 klaseng wika ng Multilingual medical questionnaire. Subukan ninyong i-search sa internet ang "たげんごいりょうもんしんひょう(tagengo iryou monshin hyou)" sa Hiragana.

May mga ospital na maaaring magamit ang serbisyong Medical Interpreter . Sa kasalukuyan, Kanagawa Prefecture ang nagsasagawa nitong medical interpreter services, at sa **Kawasaki Shiritsu Byoin, at Ohta Sogo Byoin , at Sei Mariana Ikadaigaku Byoin** ang pwedeng mapadalahan ng interpreter sa loob ng Kawasaki city .

### ..... Kurso ng wikang Hapon .....

#### [Masaya at kapaki-pakinabang na wikang hapon para sa mga dayuhan]

#### II semester ay magsisimula sa Septyembre !

- Sa Kawasaki International Center • Mga 5~6 estudyante sa isang klase.
- Hindi lamang pag-aarial ng Nihonggo kundi pati may ibento para pag-aarial ng kulturang Hapon o Kawasaki city.

##### ★Pang-umagang kurso Martes at Biernes 10:00-12:00

- II sem : Septyembre/17(Fri) hanggang Disyembre/3(Fri) 11,000 yen (22 beses)  
III sem : Enero/11(Tue) hanggang Marso/11, 2011(Tue) 8,500 yen (17 beses)
- \* May libreng pa-alagaan ng bata (mula isang taong gulang) habang nag-aarial

##### ★Pang-gabing kurso Miyerkoles 18:30-20:30

- II sem : Septyembre/1 hanggang Disyembre/15 7,500 yen (15 beses)  
III sem : Enero/12 hanggang Marso/9 2011 4,500 yen (9beses)

• May level check exam para sa mga nakakabasa na ng "Hiragana" at "Katakana"

• Sa beginner's class gagamitin ang textbook na 'NIHONGGO 160 JIKAN I , II (ginawa ng voluntaryong guro sa International Center ¥1,200 bawat isa)」

• Kailangan ng tuition fee at pambayad ng textbook.

★Paunawa: hindi na maibabalik ang tuition fee kapag binayad na.

## LIBRENG PAGPAPAYO PARA SA MGA DAYUHAN SA KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION

Iskedyul ng Konsultasyon 『10:00 ~ 12:00 13:00 ~ 16:00』

Tagalog Martes at Miyerkoles

※ Tinatanggap din ang konsultasyon sa  
wikang hapon

Espanyol Martes at Miyerkoles

#### \* Libreng Konsultasyon sa Gyouseishoshi

Koryano Martes at Huwebes

Ika 4 ng Hulyo at Ika 15 ng Agosto, 2010

Ingles Lunes ~ Sabado

14:00-16:00 (kailangan ang reserbasyon para sa interpreter)

Intsik Martes, Miyerkoles at Biernes


2F Kawasaki International Center conference room

Portugis Martes at Biernes

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki 044-435-7000

Kawasaki Ward office (Libreng konsultasyon)

Asao Ward office (Libreng konsultasyon)



wika	araw	oras
Ingles	1, 3 Huwebes	14:00~16:30
Intsik	1, 3 Martes	14:00~16:30
Tagalog	1, 3 Miyerkoles	9:30~12:00

wika	araw	oras
Ingles	1, 3 Huwebes	9:30~12:00
Intsik	1, 3 Martes	9:30~12:00
Tagalog	1, 3 Miyerkoles	14:00~16:30

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

〒211-0033 Kawasaki International Center 2-2 Kizuki Gion Cho,Nakahara-Ku, Kawasaki

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:<http://www.kian.or.jp/>

